Ang Diyos
sa Kristiyanismo

ANO ANG KANIYANG KALIKASAN?

Dr. Naji Ibrahim

Ang Diyos
sa Kristiyanismo
ANO ANG KANIYANG KALIKASAN?

Paghahandog

Para sa mga naghahanap ng katotohanan nang taimtim, matapat, at may bukás na isipan!

Nilalaman

Mga Tanong bago Magbasa 5

Panimula 6

Iisa ba ang Diyos o Tatlo? 10

Si Jesus ba ay Diyos o Bahagi ng Diyos? 14

Magkapantay ba Sila? 21

Si Jesus ba ang Tanging Anak ng Diyos? 24

Kung Gayon, Sino si Jesus? 26

Mga Konklusyon 32

Mga Tala 36

Mga Sanggunian 39

Mga Tanong bago Magbasa

1. Ano ang kalikasan ng Diyos sa Kristiyanismo?
2. Iisa ba ang Diyos o tatlo (ang Trinidad)?
3. Kapantay ba ni Jesus ang Diyos?
4. Si Jesus ba ay Diyos o bahagi ng Diyos?
5. Si Jesus ba ay anak ng tao o Anak ng Diyos?
6. Kung gayon, sino nga ba talaga si Jesus?
7. Anong papel ang ginampanan ni Pablo sa muling paghubog ng Kristiyanismo?

Pakibasa ang sumusunod na teksto nang maingat, mapanuri, at walang anumang paunang paghatol!

Panimula

Sinabi ni Jesus:
At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohanan ay magpapalaya sa inyo. *(Juan 8:32)*

Bilang isang naghahanap ng katotohanan at mag-aaral ng buhay, maraming taon ang ginugol ko sa pagmamasid, pagninilay, at pag-aaral sa mga paniniwalang humuhubog sa mga kaisipan at gawa ng tao.

Lalo namang naging malinaw sa akin na itinatayo ng ilang tao ang kanilang buhay sa mga saligang kasing-pabagu-bago at kasing-di-matatag ng buhangin — sa mga haka-haka, opinyon, o panandaliang ideya na hindi makatatagal sa mga bagyo ng pag-aalinlangan o pagsubok.

Gayunman, itinuro ni Jesus ang ibang landas: isang matibay na bato, na nagbibigay ng linaw, katatagan, at namamalaging karunungan. Ang aklat na ito ay isang paanyaya upang suriin ang ating sariling mga saligan, tanungin ang mga bagay na itinuturing nating natural na, at galugarin kung ano nga ba talaga

ang kahulugan ng pagtatayo ng buhay na nakaugat sa isang bagay na namamalagi, hindi matitinag, at walang hanggan.

Hinggil sa paksang tinatalakay, napansin ko na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng karaniwan at opisyal na itinuturo tungkol sa Diyos sa Kristiyanismo, at ng tila ipinahahayag mismo ng Bibliya.

Ang mga pagkakaibang ito ay hindi lamang umakit sa aking pag-usisa, kundi humamon din sa akin, at sa bandang huli ay nag-udyok sa akin na simulan ang isang maingat at patuloy na paglalakbay ng pag-aaral, pagninilay, at pananaliksik.

Sa munting aklat na ito, nais kong ibahagi sa inyo — udyok lamang ng pag-ibig, paggalang, at tapat na pagmamalasakit — ang mga kabatirang natamo ko sa paglalakbay na ito.

Layunin kong hikayatin ang maingat na pagninilay at pang-unawa, hindi ang punahin ang pananampalataya ninuman. Kinikilala ko na ito ay malalalim at maseselang bagay na personal, at sinisikap kong lapitan ang mga ito nang may buong kababaang-loob at katapatan.

Ang layunin ng gawaing ito ay simple: ihayag nang tapat at taos-puso ang mga konklusyong narating ko batay sa aking natuklasan sa Bibliya.

Sa katunayan, hindi ko hinahangad na magbunsod ng pagtatalo o alitan; sa halip, umaasa akong makalikha ng isang espasyo kung saan maitatanong ang mga tanong, magagalugad ang mga ideya, at malalaliman ang pang-unawa. Ang pananampalataya, kung tutuusin, ay lalong tumitibay kapag maingat itong sinusuri, hindi kapag iniingatan mula sa pagsisiyasat.

Sa ganitong diwa, ibabaling natin ang ating pansin sa ilan sa mga pinakamahalaga at kung minsan ay pinakamahirap na tanong tungkol sa kalikasan ng Diyos sa Kristiyanismo — mga tanong na matagal nang humubog sa paniniwala at pagsasagawa: ang mga aral tungkol sa Trinidad at sa pagka-Diyos ni Jesus. Ito ay mga sentrong tuntunin ng teolohiyang Kristiyano; gayunman, ang maingat na pagbabasa ng Kasulatan ay nag-aanyaya sa atin na magnilay nang mabuti kung ano nga ba talaga ang itinuturo.

Ang aking pag-asa ay, nang magkakasama, magalugad natin ang mga paksang ito nang bukas, tapat, at may diwa ng pag-uusisa.

Kaya inaanyayahan ko kayong basahin ang mga pahinang ito nang may bukás na puso at maalalahaning isipan. Ang aking pag-asa sa munting aklat na ito ay hindi lamang magbabahagi ng aking natuklasan, kundi hihikayatin din kayong personal na magnilay tungkol sa kalikasan ng Diyos, sa mga aral ng Kasulatan, at sa mga saligan ng inyong sariling pananampalataya.

Ito ay hindi gawain ng paghatol o pakikipagtunggali, kundi ng paggalugad, pang-unawa, at taimtim na pagsisiyasat. Nang magkakasama, lapitan natin ang mga tanong na ito nang may kababaang-loob, pag-uusisa, at tunay na pagnanais para sa katotohanan.

Nawa ang Nag-iisang Tunay na Diyos, ang Lumikha ng lahat, ay pumatnubay sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang liwanag tungo sa kapuspusan ng Kaniyang katotohanan.



Iisa ba ang Diyos o Tatlo?

Ano sa palagay ninyo?

Kunin natin ang sagot mula sa Bibliya:

> ***At narito, lumapit sa kaniya ang isa, at nagsabi, Guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan? At sinabi niya sa kaniya, Bakit mo itinatanong sa akin ang tungkol sa mabuti? May isa, na siyang mabuti: datapuwa't kung ibig mong pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga utos.*** * *(Mateo 19:16-17)*

* Sa Ang Biblia (1905), sinusunod ng Mateo 19:17 ang tekstong kritikal: ***«Bakit mo itinatanong sa akin ang tungkol sa mabuti?»*** Ngunit sa tradisyonal na mga manuskrito (gaya sa Ingles na King James Version) ang mababasa ay: ***«Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi isa, ang Diyos.»*** Walang lathalang bersiyong Tagalog na may tradisyonal na pagbasang ito; ibinibigay ito rito para sa paghahambing, sapagkat dito nakasalig ang argumento ng aklat.

«Bakit mo ako tinatawag na mabuti?» — Ito ang tradisyonal na pagbasa. Hindi natin ito matatagpuan sa ibang Bibliya! Suriin ang inyong sariling Bibliya!

Mula sa mga talata sa itaas ay lumilitaw ang ilang tanong na nakapupukaw ng pag-iisip, lalo na ang mga tuwiran at madaling maunawaan:

- Bakit tinanong ni Jesus ang kaniyang sariling kabutihan? Mariing sinabi ni Jesus na ***«walang mabuti kundi isa, ang Diyos»***. Bakit itinuro niya ang Iisang Tunay na Diyos bilang tanging «mabuti»?
- Kung siya ay Diyos, bakit niya ibinukod ang kaniyang sarili sa pagiging mabuti?
- Bakit tinututulan ni Jesus na tawaging «mabuti»? Hindi ba nito ipinahihiwatig na itinatatwa niya ang kaniyang pagka-Diyos, o inililihis niya ang pansin tungo sa iisang tunay na Diyos, na ibinabalik ang mga tao sa kanilang Lumikha?
- Ano ang ipinahihiwatig ng ***«walang mabuti kundi isa, ang Diyos»*** tungkol sa kalikasan ng kabutihan? Likas ba ang kabutihan o nagmumula ito sa Diyos?

- Paano nauugnay o sumasalungat ang pahayag na ito sa doktrinang Kristiyano tungkol sa Trinidad?Malinaw na itinuro ni Jesus: ***«Kung ibig mong pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga utos».*** Bakit hindi iniutos ni Jesus sa nagtatanong na sumampalataya sa kaniya (kay Jesus) bilang Diyos upang magkamit ng buhay na walang hanggan?
- Batay sa patotoo ni Jesus, hindi ba sapat ang pag-iingat ng mga utos upang magkamit ng buhay na walang hanggan?

Basahin nating muli ang mga talatang Mateo 19:16-17 gaya sa tradisyonal na pagbasa (tulad sa King James Version) at ang gayunding mga talata gaya sa modernong salin, ang Ang Biblia (1905):

> At narito, may isang lumapit at nagsabi sa kaniya: **Mabuting Guro, ano ang mabuting gagawin ko upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?** At sinabi niya sa kaniya: Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi isa, ang Diyos. Datapuwa't kung ibig mong pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga utos. *(Tradisyonal na pagbasa (KJV / Textus Receptus))*

> At narito, lumapit sa kaniya ang isa, at nagsabi, Guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan? At sinabi niya sa kaniya, Bakit mo itinatanong sa akin ang tungkol sa mabuti? May isa, na siyang mabuti: datapuwa't kung ibig mong pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga utos. *(Ang Biblia (1905))*

Upang madaling ihambing, narito ang dalawang magkaibang tanong ni Jesus:

Ayon sa tradisyonal na pagbasa, itinatanong ni Jesus:

BAKIT MO AKO TINATAWAG NA MABUTI?

Ngunit ayon sa Ang Biblia (1905), sinasabi ni Jesus:

BAKIT MO ITINATANONG SA AKIN ANG TUNGKOL SA MABUTI?

Ihambing nang tapat ang pagkakabuo ng tanong ni Jesus sa tradisyonal na pagbasa at sa modernong salin. Iisa ba ang kahulugan nila? Maaari bang pareho silang tama?

Si Jesus ba ay Diyos o Bahagi ng Diyos?

Bumaling tayo ngayon sa mahalagang tanong na ito: Si Jesus ba ay Diyos? Sa palagay ko, kung si Jesus ay Diyos — o kahit bahagi ng Diyos — ang lohikal niyang tugon ay pagtibayin at itaas ang itinawag sa kaniya ng nagtatanong: ***«Mabuting Guro».***

Ang katwiran at lohika ay parehong tumuturo sa isang di-maikakailang katotohanan: ang Diyos ay ganap na mabuti. Kung si Jesus ay tunay na Diyos — o may bahagi sa kalikasan ng Diyos sa pamamagitan ng Trinidad — kung gayon ang kabutihan ay di-mahihiwalay sa kaniya. Matapat ba nating maikakaila ito?

Malamang, kabilang sa mga posible at inaasahang tugon na maaaring sabihin ni Jesus sa binatang nagsabing ***«Mabuting Guro»*** ay:

- ***«Tunay nga, ako ay mabuti, sapagkat ako ay Diyos.»***
- ***«Tama ka. Ako ay mabuti.»***

O kahit paano, sa pagkabatid na siya ay maliwanag na mabuti, palibhasa'y Diyos o kahayagan ng Diyos, maaari sanang tumugon si Jesus sa binata, nang hindi tinututulan ang mga salita nito, sa pagsasabing:

- ***«Kung ibig mong pumasok sa buhay, ingatan mo ang mga utos.»***

Ngunit, kagulat-gulat, tumugon si Jesus sa mga salita ng binatang ***«Mabuting Guro»*** ng isang bagay na di-inaasahan! Itinatwa niyang siya ay mabuti, na nagtatanong: ***«Bakit mo ako tinatawag na mabuti?»***

Sa halip na itatwa ang kaniyang kabutihan, hindi ba't mas natural sana kay Jesus na samantalahin ang sandaling ito at patunayang siya ay tunay na mabuti — lalo na kung siya ay Diyos o bahagi ng Trinidad? Gayunman, itinuturo niya lamang ang tunay na Diyos. Sinadya ba niyang ilihim sa nagtatanong ang katotohanan tungkol sa kaniyang sarili, na nag-aanyaya ng pagninilay kung saan tunay na nananahan ang kabutihan?

> ***At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.*** *(Juan 17:3)*

Sa talatang ito, muling ibinukod ni Jesus ang kaniyang sarili mula sa TANGING tunay na Diyos! Sa katunayan, ang tanging tunay na Diyos na ito ang lumikha at nagsugo kay Jesus. Sino nga ba ang may lubos na kapangyarihang mag-utos at magsugo? **Ang TANGING tunay na Diyos ba o si Jesus? Sino ang mas dakila: ang nag-uutos at nagsusugo, o ang inuutusan at isinusugo?**

Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus, *(1 Timoteo 2:5)*

Ang talatang ito ay tumuturo sa dalawang pagkakakilanlan: (1) isang Diyos, at (2) isang Tagapamagitan (si Jesus)! Inilarawan si Jesus bilang ***«ang taong si Cristo Jesus»,*** hindi ***«ang Diyos na si Cristo Jesus».*** Sa katunayan, wala kahit saan sa Bibliya na tinawag na Diyos si Jesus!

Upang lalong talakayin at sagutin ang tanong na ***«Si Jesus ba ay Diyos o bahagi ng Diyos?»,*** basahin natin nang maingat at walang kinikilingan ang sumusunod na mga bahagi ng mga talatang nasa Mateo 4:1-10.

Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo.

At nang siya'y makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakas ay nagutom siya.

Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila;

At sinabi niya (ng diablo) sa kaniya (kay Jesus), Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako.



ANG MGA TALATANG ITO BA AY BUMUO NG MGA KATANUNGAN O PAGNINILAY PARA SA INYO?

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang ilang tanong at pagninilay na pumasok sa aking isipan matapos basahin ang mga talata sa itaas:

- Sinasabi ng Bibliya, ***«inihatid ng Espiritu si Jesus sa ilang…».*** Naisip ko, sino ang may higit na kapangyarihan — si Jesus o ang Espiritu? Kung siya ay Diyos, bakit hindi inihatid ni Jesus ang kaniyang sarili sa ilang? Kailangan ba ng Diyos ang mag-akay sa kaniya?
- Batay sa patotoo ng mga talata sa itaas, tinukso ng diablo (Satanas) si Jesus, na itinuturing ng ilang Kristiyano na Diyos. Nagbubunsod ito ng simple at lohikal na tanong: Matutukso ba ang Diyos?

Sinasabi ng gayunding Bibliya na hindi matutukso ang Diyos!

Ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man. *(Santiago 1:13)*

- Iniuulat ng Bibliya na ***«nang makapag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, sa wakas ay nagutom siya (si Jesus)».***

Mangatwiran tayong magkasama:

- Nag-aayuno ba ang Diyos?
- Para kanino nag-aayuno si Jesus — para sa kaniyang sarili bilang Diyos, o para sa Isang mas dakila kaysa kaniya?
- Nakadarama ba ng gutom o uhaw ang Diyos?

- Sa salaysay ng **«pagtukso kay Jesus»** (isang pamagat na matatagpuan sa ilang bersiyon ng Bibliya), natutuklasan nating inilipat at pinamahalaan ng diablo (Satanas) si Jesus! Ginawa ba ito ni Satanas kay Jesus bilang tao o kay Jesus bilang Diyos? Kung ginawa ito ni Satanas kay Jesus bilang tao, ano ang saysay? At kung sinubukan ito ng diablo kay Jesus, ang Diyos mismo… maaari bang subukin, ilipat, o pamahalaan ang makapangyarihang Diyos? Alalahanin natin ang mga salita ni Santiago: ***«Ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay…»***

Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran. *(Mateo 4:10)*

Kung si Jesus ay Diyos o bahagi ng Diyos, madali sana niyang naisagot: ***«Hindi, Satanas. Ikaw ang dapat magpatirapa at sumamba sa akin, ang iyong Diyos!»*** Ngunit sa halip, tinawag niya si Satanas sa pagsamba sa iisang tunay na Diyos: ***«Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.»***

Sa kabilang dako, natutunan natin mula sa salaysay na:

- **NAKITA** ni Satanas si Jesus.
- **NAGSALITA** si Satanas KAY Jesus.
- **NARINIG** ni Satanas si Jesus.
- **DINALA** ni Satanas si Jesus.
- **IPINAKITA** ni Satanas (ang mga bagay) kay Jesus.
- **NAKIPAG-USAP** si Satanas KAY Jesus.

(Upang matiyak, basahin ang buong salaysay ng Pagtukso kay Jesus, Mateo 4:1-10.)

Ngunit mariing ipinahihiwatig ng Bibliya na ANG DIYOS AY HINDI MAAARING MAKITA O MARINIG.

…na di nakita ng sinomang tao, o makikita man… *(1 Timoteo 6:16)*

Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo. *(Juan 5:37)*

Ngayon sa Haring walang hanggan, walang kamatayan, di nakikita, sa iisang Dios, ay ang kapurihan at kaluwalhatian magpakailan kailan man. Siya nawa. *(1 Timoteo 1:17)*

Bago ko tapusin ang bahaging ito, hayaan ninyong itanong ko: **sa panahon ng buhay ni Jesus sa lupa, hindi ba nakita at narinig siya ng kaniyang pamilya, ng kaniyang bayan, at ng kaniyang mga tagasunod?**

Kaya nga, ayon sa paglalarawan sa Diyos sa mga talata sa itaas, si Jesus ay hindi maaaring Diyos. Hindi ba ito makatwiran at lohikal? Kung gayon, ano ang katotohanan? Pag-isipan ninyo ito!

NGAYON AY TUMUNGO TAYO SA IBANG MAHALAGANG MGA KATANUNGAN.

Magkapantay ba Sila?

- Magkapantay ba ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo?
- Kapantay ba ang Diyos Anak (si Jesus) ng Diyos Ama?
- Kapantay ba ang Diyos Anak (si Jesus) ng Diyos Espiritu Santo?



Tingnan natin kung ano ang sinasabi mismo ni Jesus:

…sapagka't ang Ama ay lalong dakila kay sa akin. *(Juan 14:28)*

Ang aking Ama, na sa kanila ay nagbigay sa akin, ay lalong dakila kay sa lahat… *(Juan 10:29)*

Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin. *(Juan 7:16)*

Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin. *(Juan 5:30)*

Nguni't tungkol sa araw o oras na yaon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama. *(Marcos 13:32)*

> ***At ang sinomang magsalita ng isang salitang laban sa Anak ng tao, ay ipatatawad sa kaniya; datapuwa't ang sinomang magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi ipatatawad sa kaniya, kahit sa sanglibutang ito, o maging sa darating.*** *(Mateo 12:32)*

Matapos basahin ang malilinaw at tiyak na mga pahayag na ito, gayundin ang marami pang iba, na binigkas mismo ni Jesus, ano ang maaari nating mapagpasyahan?

Batay sa tapat at malinaw na patotoo ni Jesus — na ang iisang tunay na Diyos (ang Ama) ay mas dakila kaysa kaniya at mas dakila kaysa Espiritu Santo, na ang kaniyang mga aral ay hindi kaniya, na siya at ang Espiritu Santo ay walang nalalaman tungkol sa huling araw, at na wala siyang magagawa sa kaniyang sarili — ang isang taimtim na naghahanap ng katotohanan ay dapat tumanggap sa sinasabi ni Jesus tungkol sa kaniyang sarili at huwag siyang ituring na Diyos o kapantay ng Diyos!



HAYAAN NINYONG TALAKAYIN KO ANG ISA PANG MAHALAGANG TANONG.

Si Jesus ba ang Tanging Anak ng Diyos?

Kunin natin ang sagot mula sa Bibliya:

…ni Adam, ng Dios. *(Lucas 3:38)*

Ang Israel ay aking anak, aking panganay.
(Exodo 4:22)

sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay aking anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita.
(Salmo 2:7)

Kaya nga, ayon sa Bibliya, at ipinahayag mismo ng Ama, si David ay isa pang ipinanganak na Anak; may malaking **«A»**!

Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios.
(Mateo 5:9)

Sa pagsubaybay sa titulong ***«anak ng Diyos»*** sa Bibliya, matutuklasan nating hindi lamang si Jesus ang tanging isa; marami ang ***«mga anak ng Diyos».***

Mahihinuha nating ginagamit ng Bibliya ang titulong «anak ng Diyos» sa matalinghagang diwa, upang tukuyin ang mga matuwid, banal, hinirang, o may takot sa Diyos (nakababatid sa Diyos).

ITO AY MAGDADALA SA ATIN TUNGO SA NAPAKAHALAGANG KATANUNGAN NA DAPAT NATING ITANONG!

Kung Gayon, Sino si Jesus?

Matapos talakayin ang mga patunay mula sa Bibliya — na ang Diyos ay Iisa, hindi tatlo, na si Jesus ay hindi Diyos ni bahagi ng Diyos, na hindi siya kapantay ng Diyos, at na hindi siya Anak ng Diyos sa literal na diwa — kailangan nating itanong: Kung gayon, sino si Jesus?

Si Jesus ang tao

Marami ang mga pagtukoy sa Bibliya kay Jesus bilang **«tao»** o **«anak ng tao».** Narito ang ilan lamang sa mga talatang ito:

> ***Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Jesus na taga Nazaret, lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan at mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Dios sa pamamagitan niya sa gitna ninyo, gaya rin ng nalalaman ninyo;*** *(Mga Gawa 2:22)*

Ang mga salitang ito ay binigkas ni Pedro na, ayon sa tradisyong Kristiyano, ay isang matalik na kaibigan at alagad ni Jesus, saksi sa maraming mahahalagang pangyayari.

Naparito ang Anak ng tao na kumakain at umiinom… *(Mateo 11:19)*

Datapuwa't ngayo'y pinagsisikapan ninyo akong patayin, na taong sa inyo'y nagsaysay ng katotohanan, na aking narinig sa Dios. *(Juan 8:40) (Juan 8:40, tradisyonal na salin; may ilang bersiyon ng Bibliya na hindi naglalahad ng katotohanang ito! Suriin ang inyong Bibliya!)*

Sa mahalagang sandaling ito ng kaniyang buhay, pinatotohanan mismo ni Jesus na siya ay ***«isang tao».*** Bakit hindi niya malinaw at hayagang sinabi: **«Ngayon ay pinagsisikapan ninyo akong patayin, ang Diyos na nagkatawang-tao, na nagsaysay sa inyo ng katotohanan»?** Maaari kayang inililihim niya ang katotohanan?

Si Jesus ang propeta

Ito'y ang propeta, Jesus, na taga Nazaret ng Galilea. *(Mateo 21:11)*

Walang propetang kinalulugdan sa kaniyang tinubuang lupa. *(Lucas 4:24)*

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kay sa nagsugo sa kaniya. *(Juan 13:16)*

Totoong ito nga ang propeta na paririto sa sanglibutan. *(Juan 6:14)*

…tungkol kay Jesus na Nazareno, na isang propetang. *(Lucas 24:19)*

Tunay na ito ang propeta. *(Juan 7:40)*

Ito ay ilan lamang sa maraming talata ng Bibliya na tumuturo na si **Jesus ay isang propeta at sugo ng iisang tunay na Diyos! Muli, wala kahit saan sa Bibliya na tinawag siyang Diyos.**

Bilang pagtatapos ng bahaging ito, narito ang mahahalaga at makabuluhang teksto para sa pagsusuri at pag-aaral:

Na siya sa mga araw ng kaniyang laman ay naghandog ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha doon sa may kapangyarihang makapagligtas sa kaniya sa kamatayan, at siya'y dininig dahil sa kaniyang banal na takot, *(Hebreo 5:7)*

Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at makipagpuyat sa akin. *(Mateo 26:38)*

At lumakad siya sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito… *(Mateo 26:39)*

At nang malapit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi: Eli, Eli, lama sabachthani? sa makatuwid baga'y, Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan? *(Mateo 27:46)*

> ***At nang siya'y nanglulumo ay nanalangin siya ng lalong maningas; at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa.*** *(Lucas 22:44)*

Anong mga tanong, pagninilay, o kahihinatnan ang maaaring mahango mula sa mga teksto sa itaas? At anong mga kaisipan ang pumapasok sa inyong isipan matapos itong basahin?

Ang mga tekstong biblikal na ito ay nagbubunsod ng mahahalagang tanong at may taglay na malalalim na kahihinatnan na lampas pa sa kanilang orihinal na konteksto, na humihingi ng maingat na pagsusuri at mapanuring pagninilay. Upang bumanggit ng ilang halimbawa:

- **Sa anong dahilan naghandog si Jesus ng mga panalangin at daing nang may malakas na sigaw at luha, na hinahangad na mailigtas?**
- **Kung alam ni Jesus na siya ang «tagapagligtas», paano natin dapat unawain ang kaniyang mga taimtim na panalangin sa kaniyang tunay na Diyos at Lumikha para sa kaligtasan?**

- **Sino ang tunay na Tagapagligtas, na may kapangyarihang magligtas kay Jesus mula sa kamatayan?**
- **Bakit sinabi ni Jesus, «Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan»? Hindi ba niya alam na siya ay mamamatay para sa kaligtasan ng sangkatauhan, yamang ito ang banal na plano mula pa sa simula?**
- **Mahihinuha ba na ang tunay na Diyos ang Siyang nakinig sa mga panalangin ni Jesus at sa bandang huli ay nagligtas sa kaniya?**



Mga Konklusyon

Ang orihinal at tunay na mensahe ni Jesus at ng lahat ng mga propeta at sugo ng Diyos ay na iisa lamang ang tunay na Diyos, na karapat-dapat sa pagsamba nang tanging siya. Ang mensaheng ito ay malinaw na masusubaybayan sa buong Bibliya.

> ***…na ako nga; walang Dios na inanyuan na una sa akin, o magkakaroon man pagkatapos ko. Ako, sa makatuwid baga'y ako, ang Panginoon; at liban sa akin ay walang tagapagligtas.*** *(Isaias 43:10-11)*

> ***…sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin.*** *(Exodo 20:5)*

> ***Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.*** *(Mateo 4:10)*

Daan-daang katulad na pahayag ang lumilitaw sa Bibliya, na nagbibigay-diin sa ganap na pagka-iisa ng Diyos — kumpara lamang sa ilang talata, na kadalasang mali ang pagkakaunawa o hinango sa konteksto, na tila nagmumungkahi ng kabaligtaran.

Ang tuloy-tuloy na mensahe ay di-mapag-aalinlanganan: si Jesus mismo ay isang propeta at lingkod ng iisang tunay na Diyos — ang gayunding Diyos na lumikha kay Jesus, na lumikha sa atin, at na lumikha sa lahat ng umiiral.

Sa pagdating natin sa katapusan ng paglalakbay na ito sa paghahanap ng katotohanan, inaanyayahan ko kayong taimtim na magnilay sa mga tanong na ito:

- Hindi ba panahon na upang ibalik ang mga bagay sa kanilang wastong lugar?
- Hindi ba panahon na upang parangalan si Jesus para sa tunay niyang pagkatao: isang dakilang tao, isang sugo, at isang propeta ng tunay na Diyos?
- Hindi ba panahon na upang taimtim at buong-pusong bumaling sa ating Lumikha, ang tanging Diyos na karapat-dapat sambahin, bago maging huli na — bago tayo abutin ng kamatayan?

Ang walang-panahong katotohanan ay malinaw, di-nagbabago, at di-maikakaila: ang tawag ng bawat propeta — mula kay Adan hanggang kay Noe, mula kay Abraham hanggang kay Moises, mula kay Jesus hanggang kay Muhammad (nawa'y sa kanilang lahat ang kapayapaan) — ay iisa.

Silang lahat ay dumating nang may iisa at nagkakaisang mensahe: **sambahin ang iisang tunay na Diyos, nang walang katambal ni kapantay.** Ang banal na patnubay na ito ay umalingawngaw sa mga salinlahi, bansa, at kultura, na nagpapaalala sa sangkatauhan sa kaniyang pinakalayunin at pananagutan.

Ang pagpiling kilalanin ang katotohanang ito, tanggapin ito, at ipamuhay ito ay nasa bawat isa sa atin — hindi bukas, hindi sa hinaharap, kundi ngayon. Kung paano tayo tumugon sa tawag na ito ang magtatakda ng ating buhay, ating pananampalataya, at ating lugar sa paningin ng Lumikha.

Panghuli, huminto sandali at magnilay:

- Paano kung ang pinakadakilang karangalan ni Jesus ay ang maalala bilang isang sugo ng Diyos?
- Paano kung ang tunay na kapayapaan ay nasa pagsamba sa Kaniya na lumikha sa atin, na nagtataguyod sa atin, at kung kanino tayo babalik?
- Paano kung ngayon na ang tamang panahon upang muling iayon ang ating mga puso sa Kaniya?
- Kung ang Diyos ay Iisa, bakit ibibigay ang pagsambang nararapat sa Kaniya sa iba?

- Nanalangin ba si Jesus? Kung oo, kanino siya nanalangin?
- Nanalangin ba siya at tumawag sa kaniyang sarili — o nanalangin at tumawag sa iisang tunay na Diyos sa itaas niya?
- Kung si Jesus ay Diyos, bakit mananalangin ang Diyos — at kanino?
- Hindi ba't ang kaniyang mga panalangin ay tanda ng kaniyang pagkaalipin, hindi ng pagka-Diyos?
- Kung si Jesus mismo ay nanalangin sa Diyos, bakit hindi sundan ang kaniyang halimbawa?
- Kung ang buhay ay maikli at ang kamatayan ay tiyak, ano pa ang ating hinihintay?

Kung minsan, ang mga sagot ay wala sa sinasabi sa atin, kundi sa kung ano ang handa nating pagnilayan nang may bukás na puso.

Ang katotohanan ay simple, mabilis na kailangan, at walang hanggan: sambahin ang iisang tunay na Diyos nang may ganap na katapatan at debosyon. Hindi lamang ito simple — ito ay mahalaga sa buhay at humihingi ng ating agarang pansin!

Mga Tala

Paanong nangyari na si Pablo, na kailanman ay hindi personal na nakasalubong si Jesus, ang humubog sa mga aral na tila inuulit mismo ng mga Ebanghelyo? Paanong nangyari na ang orihinal na mga alagad, mga saksing nakakita sa ministeryo ni Jesus, ay hindi mismo nagtatag ng mga saligang teolohikal na ito? Paano naging napakalalim ng impluwensiya sa buhay at mensahe ni Jesus, gaya ng nakatala sa mga kanonikong Ebanghelyo, ng isang taong wala man lamang naroon? Paano? Paano? Paano?

Maraming iskolar ng Bibliya ang nagtuturo na si Pablo ay gumanap ng sentrong papel sa pagtatakda ng mahahalagang doktrinang Kristiyano: ang pagka-Diyos at pagka-anak ni Jesus, ang mapagligtas na kahulugan ng kaniyang pagpapako sa krus, ang orihinal na kasalanan, at ang pagtubos sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. Ang mga sulat ni Pablo, na isinulat noong dekada 50 CE, ay nauna sa apat na kanonikong Ebanghelyo, na ang mga may-akda ay nananatiling di-kilala. Ang mga Ebanghelyo naman ay hinubog — tuwiran o di-tuwiran — ng mga pananaw teolohikal ni Pablo.

Idiniin ni Bart D. Ehrman na ang mga liham ni Pablo ang nagbibigay ng pinakamaagang natirang mga pagninilay teolohikal tungkol kay Jesus, na nagpapakilala ng mga tema gaya ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, ang kaligtasan sa pamamagitan ng krus, at ang papel ng biyaya — na kalaunan ay umalingawngaw sa mga Ebanghelyo.[1] Ipinakita ni Elaine Pagels na hinubog ng mga sulat ni Pablo kapwa ang ortodokso at ang alternatibong kaisipang Kristiyano, na naghahayag ng kaniyang malalim na impluwensiya sa unang Kristiyanismo.[2]

Idiniin ni E. P. Sanders na ang pananaw ni Pablo hinggil sa unibersal na ebanghelyo ang nagtakda kung paano binigyang-kahulugan ng mga kalaunang pamayanan ang buhay ni Jesus.[3] Napansin ni James D. G. Dunn na ang teolohiyang Pauline ay nagbigay ng mga kagamitang pangkaisipan na ginamit ng mga may-akda ng Ebanghelyo upang hubugin ang kanilang mga salaysay.[4] Napansin ni John Dominic Crossan na ang mga Ebanghelyo ay kadalasang nagbabalik-tanaw ng mga pag-unlad teolohikal na Pauline sa buhay ni Jesus, na lumilikha ng tensiyon

sa pagitan ng pang-kasaysayan at pang-teolohikong pagkauna.[5]

Sa madaling sabi, si Pablo — bagaman kailanman ay hindi tuwirang saksi — ay lumilitaw bilang arkitekto ng mga aral na inilalarawan ng mga Ebanghelyo. Nagbubunsod ito ng nakabibighaning tanong: paano nahubog ng isang taong napakalayo, sa panahon at karanasan, mula sa ministeryo ni Jesus ang mismong mga salaysay na inilaan upang itala ang kaniyang buhay? Paanong nangyari na ang mga Ebanghelyo ay humihiram mula sa isang dumating nang mas huli? Paano?

Ang usaping ito ay mahalaga, sapagkat ang mga aral ni Jesus — na mahigpit na sumunod sa batas Judio at nagbigay-diin sa debosyon sa iisang tunay na Diyos — ay naiiba, sa mahahalagang punto, mula sa mga pakahulugang ipinakilala ni Pablo.

Sa paglipas ng panahon, ang pagkakaiba-ibang ito ay nag-ambag sa laganap na pagkalito hinggil sa kalikasan ng Diyos, sa papel ni Jesus, at sa diwa ng banal na patnubay, na nagbunsod ng marami sa mga debate at di-pagkakaunawaang teolohikal na nagpapatuloy sa Kristiyanismo hanggang ngayon.

Mga Sanggunian

1. Bart D. Ehrman, Jesus and Paul: Are They on the Same Page? (The Bart Ehrman Blog, 2019).
2. Elaine Pagels, The Gnostic Paul: Gnostic Exegesis of the Pauline Letters (Philadelphia: Fortress Press, 1975).
3. E. P. Sanders, Paul and Palestinian Judaism (Minneapolis: Fortress Press, 1977).
4. James D. G. Dunn, The New Perspective on Paul (Grand Rapids: Eerdmans, 2008).
5. John Dominic Crossan, The Historical Jesus: The Life of a Mediterranean Jewish Peasant (San Francisco: Harper San Francisco, 1991).

Bibliya:

› Ang Biblia (Ang Dating Biblia, 1905). Ang tradisyonal na pagbasa ng Mateo 19:16-17 ay ibinigay para sa paghahambing (mula sa Textus Receptus / KJV).

Isang Huling Kaisipan…

Matapos basahin ang munting aklat na ito nang may bukás at tapat na isipan, maaaring itanong ng isang taimtim na naghahanap:

- **Ano ang nagkamali?**
- **Ano ang katotohanan?**
- **Sino ang tunay na Diyos?**
- **Ano ang kaniyang tunay na mensahe?**

Ang mga tanong na ito ay lampas pa sa pag-uusisa — nakakaabot ang mga ito sa kaibuturan ng ating mga paniniwala at pagpili, na tumatawag sa bawat isa sa atin na maghanap ng linaw at bumalik sa iisang tunay na Diyos.

Para sa karagdagang impormasyon, malayang bisitahin ang aming website:
www.discoveritsbeauty.com

Ang serye ng «Discover its Beauty»:

1. Tuktok Lamang ng Bundok ng Yelo
2. Ang Relihiyon Nina Adan At Eba
3. Ang ABaKaDa ng Islam
4. Pagsagot sa Mga Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan
5. Ang Kanyang Mga Magagandang Pangalan
6. Ang Huling Pahayag
7. Ang Huling Sugo

DISCOVER
ITS BEAUTY

www.discoveritsbeauty.com

I-scan ito!

Global Academy for Translation and Education (GATE)
Londres | Nagkakaisang Kaharian

كتاب الإله في النصرانية باللغة الفلبينية